## Philippine Biblical Worldview Institute

# Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 15, 2022

## ST304. Soteriology: 4. Redemption

### Introduction

Sa gagawin nating pag-aaral ng doctrina ng Redemption gagamitin nating backdrop ang Covenant of Redemption - ang kasunduan na ginawa ng Triune God before the foundation of the world. Kasama rito ang ginawang paghirang ng Ama sa Kanyang magiging bayan, ang pagtubos sa kanila mula sa pagkaalipin sa kapangyarihan ng kasalanan na gagawin ng Anak, at ang pagtatatak sa kanila ng Banal na Espiritu.

Also, sa ating pag-aaral, ico-consider natin ang dalawang concepto: Ang idea ng pagtubos or buy back at ang idea ng pagpapalaya or deliverance. Ang consepto ng pagtubos sa Bibliya ay may kinalalaman sa kaukulang kabayaran kapalit sa release ng tutubusin. Mayroong palitan na nagaganap sa pagtutubos.

### Part 1: Ang *Buy Back* O Ang Pagtubos

Dito sa ating bansa, usong-uso ang pagsasanla ng alahas para mapaglaanan ang isang pangangailangan. Kadalasan ay hindi natutubos ang bagay na isinanla dahil sa wala ng sapat na pambayad para pantubos.

Sinasabi ng Scripture na ang buhay ay nasa dugo (Leviticus 17:14) at walang magiging kapatawaran ng kasalanan kung hindi magbubuhos ng dugo (Hebrews 9:22). Sinasabi rin sa Scripture (1 Corinthians 6:20; 7:23; 2 Peter 2:1; Revelation 5:9; 14:3-4) na mayroong presyo ang ginawang pagtubos sa bayan ng Diyos at ang presyong ito ay ang buhay ni Jesu Cristo na nasa Kanyang dugo.

Sa Leviticus 17, isinasalaysay ang tamang pagpapatupad ng batas ni Moses hinggil sa pag-o-offer ng animal sacrifices sa Diyos. Ang dugo ng animal ang sukdulang pinatutulo at ihinahandog sa Diyos. Ito ay naglalarawan sa gagawing pagbuhos ng dalisay na dugo ng Panginoong Jesus sa Krus ng Kalbaryo -- ang gagawing pagtubos ng Anak na itinalaga na bago pa man likhain ang mundo. Ang animal blood sacrifices sa Old Testament ay ginawa ng paulit-ulit, subalit ang paghahandog ng buhay ni Cristo ay minsan lamang kinailangang gawin dahil sa kahalagahan nang dumanak na dugo doon sa Kalbaryo. Ibig sabihin, ang dugo ni Cristo ay *priceless*.

Sa Bagong Tipan, ang pagtubos ayon sa batas ay nakatuon sa kapatawaran patungkol sa pagkakautang. Sinabi ni Jesus sa Matthew 20:28 ang ganito: *Hindi Ako naparito upang paglingkuran kundi maglingkod at ibigay ang Aking buhay bilang pantubos para sa marami.* Sa Huling Hapunan kasama ang Kanyang mga disipulo, sinabi ni Jesus ang ganito patungkol sa alak na Kanyang hawak: *Ito ang Aking dugo ng bagong tipan na mabubuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami* (Matthew 26:28). Ang marami na tinutukoy dito ay ang mga hinirang ng Ama bago pa man likhain ang mundo.

Ihinahayag sa Psalms 49:7-9 na, *Walang sino man ang makatutubos ng buhay ng kanyang kapwa o makapagbibigay ng bayad sa Diyos para sa kanya. Mahal ang kabayaran sa buhay, walang pambayad ang magiging sapat para siya mabuhay ng walang hanggan at di siya makaranas ng pagkabulok*. Ibig sabihin,

hindi maaari na ang pantubos ay buhay na may karumihan o kasalanan; nararapat na ang pantubos ay isang buhay na walang kapintasan. Kaya naman ito ang sinabi ni Apostol Pedro sa 1 Peter 1:18: *Alam ninyo na kayo ay hindi tinubos sa buhay na walang kabuluhan na minana pa ninyo sa inyong mga ninuno, sa pamamagitan ng naglalahong bagay tulad ng pilak o ginto kundi ng mahalagang dugo ni Cristo, ang korderong walang bahid o mancha*. Tulad nang nasabi na, ayon sa batas, *without the shedding of blood, there is no forgiveness of sins* (Hebrew 9:22).

Ang isang patay na tao ay hindi makapag-aalay ng buhay sapagkat siya ay walang buhay. Si Cristo lamang ang taong nabuhay nang walang pagkakasala, Siya lamang ang may buhay na maiaalay bilang handog at katanggap-tanggap bilang pantubos sa kasalanan ng makasalanang sanlibutan. Siya lamang ang maaaring makapamag-itan sa banal na Diyos at makasalanang tao (1 Timothy 2:5).

**Part 2: Ang *Deliverance* O Ang Pagpapalaya**

Dito pa rin sa ating bansa, marami tayong dinaranas na pagpapakasakit dahil sa kasamaang pinasasabog ng mga drug lords, jueteng lords at ng mga nangungurakot sa gobyerno. Kailangang makalaya ang ating mga kababayan sa pagkaalipin ng mga teroristang ito.

Sa Bibliya, hindi lamang ang pagbabayad ng kaukulang pagkakautang ang nilalaman ng consepto ng redemption o pagtubos kundi pati na rin ang pagpapalaya sa pagka-alipin na nakapaloob sa pagkakautang.

Kung baga, ang may utang ay may obligasyon na manilbihan sa pinagkakautangan.

Para maunawaan natin ang buong kahulugan ng kalayaan o *freedom*, kinakailangan nating maunawaan nang lubusan ang extent ng ating pagka-alipin o *slavery*. Samakatuwid, kailangan nating balik-balikan ang pagkahulog ng tao sa kasalanan at ang mga epekto ng original sin na ito sa kalikasan ng tao; epekto na hindi madaling unawain kaya marami ang hindi nakakaintindi sa bagay na ito.

Ang unang dapat maunawaan ay ang ibig sabihin kay Eba na maging katulad ng Diyos knowing good and evil? Ito ang sabi sa Genesis 3:6, *So when the woman saw that the tree was good for food, that it was pleasant to the eyes, and a tree desirable to make one wise, she took of its fruit and ate it.* Ang ibig sabihin sa sinabi ni Eba ay ito: Ako ay magiging katulad ng Diyos na alam ang mabuti at masama. Wala nang makapagsasabi sa akin kung ano ang mabuti at masama. Wala na akong pananagutan ano man ang aking isiping gawin na sa inaakala ko ay mabuti.

Sa pagkakalikha ng Diyos sa tao, pinagkalooban Niya ito ng pagnanais na isakatuparan ang kanyang God-given na layunin o the desire to fulfill the purpose for which he was created -- ang dual-purpose to worship and serve his Creator. Ang matinding epekto ng kasalanan sa kalikasan ng tao ay ang pagkakaroon sa kanyang puso ng drive to worship and serve himself, instead of God; ang sarili na ang kanyang naging Diyos. Ang access sa desire to worship and serve God ay naging off-limits sa tao. Ang desire to worship self and serve himself only ang naging tibok ng kanyang puso.

Kung walang gagawing intervention ang Lord, ito ang pinagkatapusan ng kasaysayan ng tao: *At nakita ng Diyos na ang kasuklaman ng tao sa mundo ay talagang grabe, at ang patuloy na bawat intensyon na iniisp ng kanyang puso ay pawang kasamaan lamang. At nalungkot ang puso ng Diyos na nilikha pa Niya ang tao sa mundo. At sinabi ng Diyos, "Gugunawin Ko ang tao na Aking nilikha sa balat ng lupa, ang tao at hayop, mga gumagapang at mga ibon sa himpapawid, sapagkat nakakalungkot na nilikha Ko sila."* Genesis 6:6-7

Sinasabi sa Romans 3:10-12: *There is none righteous, no, not one; there is none who understands; there is none who seeks after God. They have all turned aside; they have together become unprofitable; there is none who does good, no, not one.*

Ito ang kalagayan ng tao after the Fall. Wala maski isa ang matuwid at gumagawa ng mabuti at ang lahat ay tumalikod sa Diyos. Sinunod ng tao ang kanyang free will at ito ang kinahinatnan. Sa Galatians 1:4 sinasabi na binigay ni Cristo ang Kanyang buhay to deliver us from this present evil age. Ibig sabihin, hindi nagbabago ang pamumuhay sa mundo hanggang ngayon. Dito sa ating bansa, wala na yatang iniisip ang mga government officials kundi paano makapagnakaw sa kaban ng bayan. Samakatuwid, tayong mga tinubos ng Panginoong Jesus ay napalaya na sa kapangyarihan ng pawang masasamang naisin; ng ating mga domineering evil desires na sanhi ng ating pagtalikod sa Diyos.

Ang tanong ay ito: Paano nag-intervene ang Diyos sa kalagayan ng tao after the Fall?

Sa Hebrews 11:4-7, *sa tinataguriang Hall of Faith, inilalahad na mayroong mga tao na may pagtitiwala at pagsamba sa Diyos simula kay Abel: By faith Abel offered to God a more excellent sacrifice than Cain, through which he obtained witness that he was righteous, God testifying of his gifts; and through it he being dead still speaks. By faith Enoch was taken away so that he did not see death, "and was not found, because God had taken him"; for before he was taken he had this testimony, that he pleased God. But without faith it is impossible to please Him, for he who comes to God must believe that He is, and that He is a rewarder of those who diligently seek Him. By faith Noah, being divinely warned of things not yet seen, moved with godly fear, prepared an ark for the saving of his household, by which he condemned the world and became heir of the righteousness which is according to faith.*

Sa Bible passage na ito, matututuhan natin na mayroong mga tao na naging matuwid sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya; *the righteousness which is according to faith. Mayroong mga tao na pinagkalooban ng Diyos ng pananampalataya – mga tao na sa simula pa lamang ay selyado na ng Banal na Espiritu. Ito naman ang sinasabi sa Genesis 4:25-26: And Adam knew his wife again, and she bore a son and named him Seth, "For God has appointed another seed for me instead of Abel, whom Cain killed." And as for Seth, to him also a son was born; and he named him Enosh. Then men began to call on the name of the Lord.*

So, ito ang ginawang intervention ng Diyos sa kasaysayan ng tao – nilikha Niya si Seth na kapalit ni Abel na magpapatuloy ng lahi na babasag ng ulo ng ahas na tumukso kay Eba (Genesis 3:15). Ang lahing ito ang magtataglay ng lahi na tatatakan ng Banal na Espiritu, ang mga kabilang sa bayan ng Diyos. At gagamitin din ng Diyos ang Kanyang bayan upang pigilan ang patuloy na pagdausdos ng buong sanlibutan sa sukdulang kasamaan na mauuwi sa kalagayan tulad ng sa Genesis 6:6-7. Ang doctrina ng redemption ay may kinalalaman sa pagtubos ng Diyos sa kanyang bayan mula sa tinataguriang *total depravity,* ang pagka-alipin ng tao sa kasamaan ng kanyang puso.

Ang isa pang dapat maunawaan patungkol sa doctrina ng redemption ay ang pagpapalaya sa bayan ng Diyos mula sa batas ng kasalanan at kamatayan - *Christ has redeemed us from the curse of the law, having become a curse for us; For the law of the Spirit of life in Christ Jesus has made me free from the law of sin and death* (Galatians 3:13; 4:4-5; Romans 8:1-2). Ang kamatayan ang kabayaran ng kasalanan kaya ang lahat ay mamamatay sapagkat ang lahat ay nagkasala. Nilalarawan ang pagkakasala ng buong sanlibutan kay Adan na siyang nag-represent ng bawat isa sa sangkatauhan. Kaya ang lahat ng sanggol ay nabubuo

sa sinapupunan ng ina na taglay ang makasalanang kalikasan o sinful nature (Psalm 51:5). Subalit dahil sa ginawang pag-aalay ng Panginoong Jesus ng Kanyang buhay as a sacrifice para sa kaligtasan ng kanyang bayan mula sa kanilang kasalanan (Matthew 1:21), napalaya na tayo sa pagka-alipin sa batas ng Diyos na ang demand ay perfect obedience. Ang katapatan ng Diyos ang kasiguruhan ng kapatawaran ng ating kasalanan na ating pinagsisisihan (1 John 1:9). Samakatuwid, tayong mga tinubos ng Panginoong Jesus ay napalaya na sa kapangyarihan ng kamatayan sanhi ng ating pagsuway sa batas ng Diyos.

Sinasabi naman sa (1 Peter 1:18 -19) na tayo ay tinubos, hindi sa pamamagitan ng mamahaling ginto o pilak, kundi sa pamamagitan ng banal na dugo ni Cristo, mula sa walang kabuluhang buhay na minana pa natin sa ating mga magulang. Dahil sa ginawang pagtubos sa atin ng ating mabuting pastor, nagiging kalugod-lugod sa harapan ng Diyos ang ating buhay na may pagtitiwala sa Kanyang salita. At tayo na nabubuhay sa pagtitiwala ay nagiging kapaki-pakinabang sa buhay ng ating kapwa-tao. Samakatuwid, tayo ay tinubos ng Diyos mula sa walang kabuluhan at walang saysay na buhay.

Sinasabi naman sa Colossians 1:13-14, na tayo ay sinagip mula sa kapangyarihan ng kadiliman at dinala sa kaharian ng Anak ng Diyos na Kanyang minamahal, kung kanino tayo ay may katubusan, ang kapatawaran ng kasalanan. Ibig sabihin, hindi na tayo kaaway ng Diyos kundi mayroon na tayong pakikipagkasundo sa Kanya at kapayapaan na bunga ng ating pananampalataya (Romans 5:1). Samakatuwid, tayo ay tinubos ng Diyos mula sa pakikipag-digma sa Kanyang kaharian.

Sa katayuan ni Abraham, ang *idea* ng pagliligtas ay ang pagpapalaya sa pagsamba sa mga diyos-diyosan. Sinasabi sa atin ng Joshua 24 na ang mga ninuno ng mga Israelita, kasama si Terah na ama nina Abraham at Nahor, ay namuhay sa kabilang ilog at sumamba sa ibang mga diyos. Ngunit inalis ng Diyos si Abraham mula sa lugar na iyon at dinala siya sa Canaan; at sinabi ng Diyos sa kanya: *Itatatag Ko ang panghabang buhay na tipan natin at ng iyong salinlahi, bilang inyong Diyos at Diyos ng mga susunod pang henerasyon* (Genesis 17:7). Kasama rin sa pagtutubos ang pagbubukod at pangako ng pagpapala. Inatasan ng Diyos si Abraham na lumisan sa kanyang bayan at sambahayan ng kanyang ama, at magtungo sa lugar na ipakikita sa kanya na ang pundasyon at ang architect at builder ay ang Diyos (Hebrews 11:10).

Sa katayuan ni Moses, ang pagtubos ay ang pagpapalaya sa kahirapan at pagkaalipin sa mga Egyptians. Sa Exodus 6:6-7a, inutusan ng Diyos si Moses na sabihin sa mga Israelita ang ganito: *Ako ang Panginoon at ilalabas Ko kayo sa pamatok ng mga Egyptians. Palalayain Ko kayo sa kanilang pang-aalipin at ililigtas Ko kayo sa pamamagitan ng Aking makapangyarihang mga gawang paghatol. Kayo ay aangkinin Ko bilang Aking bayan at magiging Diyos ninyo Ako.* Inilabas ni Moses ang Israel mula sa Egypt patungo sa lupang pangako. Hindi naging madali ang gawaing ito. Ang mga Israelita ay mapag-rebelde. Tinawag sila ng Diyos na mga matitigas ang ulo. Maliwanag na ang dahilan ng pagpili ng Diyos sa Israel bilang Kanyang natatanging bayan ay walang kinalalaman sa kanilang katangian o kahalagahan kundi dahil lamang sa soberenyang kalooban at biyaya ng Diyos.

Sa Davidic covenant, sabi ng Lord, *Steadfast love will be built up forever; in the heavens you will establish your faithfulness.* You have said, *I have made a covenant with my chosen one; I have sworn to David my servant: I will establish your offspring forever and build your throne for all generations*. Psalm 89:2-4

Ano ang deliverance dito? Ang Book of Judges ay nag-end sa ganito: *Everybody was doing what was right in their own eyes.* Wala ng rules, kanya-kanya na. Kapag kanya-kanya na, you are doing what is right in

your own eyes. Hindi iyon dapat mangyayari sa bayan ng Diyos. Mga pastor, hindi tayo kanya-kanya ng biyahe. Hindi ganoon ang will ng Lord para sa atin. Iisa tayo; we belong to each other; we belong to Christ. Baguhin natin ang ugaling kanya-kanya. Bumiyahe ka ng sarili mo, may biyahe ako ng sarili ko. Hindi naman ganoon ang kalooban ng Lord. We praise God together. We worship God together. We work together. Noong panahon ni David bago siya naging hari, ang twelve tribes ay nagkanya-kanya, nag-away at nagpatayan pa.

**Part 3: Wrap Up**

May dalawang concepto ang nakapaloob sa doctrina ng Redemption: Ang idea ng pagtubos or buy back at ang idea ng pagpapalaya or deliverance. Ang pagtubos sa Bibliya ay may kinalalaman sa kaukulang kabayaran o presyo na kapalit sa release ng tutubusin, at ang halaga ng pantubos ay mas malaki kaysa tinutubos.

Ang walang bahid na buhay ni Cristo lamang ang katanggap-tanggap na pantubos sa buhay ng makasalanang tao na puno ng karumihan. Mas mahalaga ang dugo ni Cristo kaysa pinagsama-samang buhay ng sanlibutan.

Sa pag-aalay ng buhay ni Cristo bilang kabayaran ng parusang kamatayan sa kanilang kasalanan, napalaya ang mga tinubos sa maraming bagay:

- Mula sa domineering evil desires na sanhi ng ating pagtalikod sa Diyos
- Mula sa kanyang pagkawalang kakayahan na gumawa ng kalugod-lugod sa Diyos (total depravity)
- Mula sa kamatayan na kabayaran sa pagsuway sa batas o kalooban ng Diyos
- Mula sa walang kabuluhang buhay
- Mula sa pakikidigma sa kaharian ni Cristo
- Mula sa pagsamba sa mga diyos-diyosan
- Mula sa kahirapang nagmumula sa bakal na kamay ng mga tyrants
- Mula sa ugaling kanya-kanya.

**I. *Multiple Choice***

1. Kailan nabuo ang plano ng pagtubos ng Diyos sa Kanyang bayan?
   a. Nang makita ng Diyos na magkasala ang tao during time-space continuum
   b. Bago pa man likhain ang sangsinukob
   c. Noong nagkaroon na ng time-space continuum

2. Ang chosen people of God ay mahuhulog sa kasalanan at
   a. Sila ay makakaranas ng kamatayan
   b. Sila ay tutubusin ng Diyos
   c. Sila ay tutubusin ni Cristo

3. Ang mga sumusunod ay ilang phrases na ginamit na may relasyon sa redemption maliban sa
   a. Buy back
   b. Deliverance
   c. Pay back

4. Ano ang sinasabi sa atin ng mga sumusunod na talata: 1 Corinthians 6:20 at 1 Corinthians 7:23?
   a. Tayo's binili na may kapalit
   b. Tayo's tinubos ng may halaga
   c. Tayo'y tinubos ng dugo

5. Ano ang sinasabi sa atin ng mga sumusunod na talata: Leviticus 17:4, Hebrews 9:22 at Matthew 26:28?
   a. Mahalaga ang pabuhos ng dugo para sa kapatawaran ng kasalanan
   b. Mahalaga ang pagbuhos ng dugo ng hayop na walang bahid
   c. Mahalga ang pagwiwisik ng dugo para sa pagpapatawad sa kasalanan

6. Ang dugo ng animal sacrifice na ihinahandog sa Diyos nang panahon ni Moses ay naglalarawan ng
   a. Paghuhugas ng kasalanan ng bansang Israel
   b. Gagawing pagbuhos ng dalisay na dugo ni Cristo sa Krus ng Kalbaryo
   c. Gagawing pagliligtas ng Panginoong Jesus sa Krus ng Kalbaryo

7. Ayon sa Matthew 20:28, ibinigay ni Jesus ang Kanyang buhay bilang
   a. Pantubos para sa marami
   b. Pantubos para sa lahat
   c. Pantubos para sa nais tumanggap sa kanya

8. Ang sabi sa Romans 3:11 ay No one is ______________; no one ______________; there is none who ____________ after God
   a. Just – understands - seeks
   b. Righteous – understands – seeks
   c. Righteous – believes – desires

9. Ang tao ay nagiging righteous dahil sa kanyang
   a. Pananampalataya
   b. Pagtanggap kay Cristo
   c. Decision na sumampalataya

10. Ang redemption ay may kinalaman sa pagtubos ng Diyos sa Kanyang bayan
    a. Mula sa init ng impiyerno
    b. Mula sa kamatayan
    c. Mula sa pagka-alipin ng tao sa kasamaan ng kanyang puso

11. Ano ang common na makikita natin sa Galatians 3:13 at Romans 8:1-2?
    a. Tayo'y pinalaya masasamang gawain
    b. Tayo's pinalaya sa batas ng kasalanan at kamatayan
    c. Tayo'y pinalaya sa ating mga responsibilidad

12. Ang pagsagip mula sa kapangyarihan ng kadiliman tungo sa kahariang ng Diyos Anak ay masasabi nating
    a. Tinubos tayo mula sa mga kasiyahan sa mundo

b. Tinubos tayo mula sa pakikipag-digma sa Kanyang kaharian
c. Tinubos tayo mula sa digmaan

13. Bakit kailangan mabuhos ang dugo ni Cristo ayon sa Matthew 26:28?
    a. Para sa kaligtasan natin
    b. para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami
    c. bilang pangtubos sa lahat ng makasalanan

14. Ang pagliligtas kay Abraham ay may kinalaman sa
    a. Pagpapalaya sa kanyang ama na si Terah
    b. Pagpapalaya sa mga hindi sumusunod sa Diyos
    c. Pagpapalaya sa pagsamba sa diyos-diyosan

15. Ang pagtubos kay Moses ay may kinalaman sa
    a. Pagpapalaya sa sampung salot na naranasan ng mga Egyptians
    b. Pagpapalaya sa kahirapan at pagkaalipin sa mga Egyptians
    c. Pagpapalaya sa kanya nang mapatay niya ang isang Egyptian

16. Sa krus ng Kalbaryo, tinubos ni Cristo ang covenant people ng Diyos mula sa
    a. Pagpunta sa purgatoryo
    b. Pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan
    c. pagpepenitensya

## II. Essay

Sa pananaw ng katotohanan na ikaw ay pinili ng Diyos

a) Ano dapat ang iyong mga hangarin o layunin sa buhay?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© May 15, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.